
| | |
|---|---|
| JANUARY | Makugihon |
| FEBRUARY | Mahigugmaon |
| MARCH | Matinabangon |
| APRIL | Matinahuron |
| MAY | Mahapsay og Malimpyo |
| JUNE | Maabtik og Masunod sa Insaktong Oras |
| JULY | Maantigo og Maabilidad |
| AUGUST | Maginhunahunaon para sa Uban |
| SEPTEMBER | Madaginoton |
| OCTOBER | Matinud-anon |
| NOVEMBER | Masaligan |
| DECEMBER | Maalampuon |


Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 4

# Edukasyon sa Pagpapkatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5:
## Halamanan , Presensiya ng Pagmamahal



**Pangalan ng Mag-aaral:** ____________________

**Baitang at Seksyon:** ____________________

**Paaralan:** ____________________



# Alamin

Ang halaman ay isa sa mahalagang ginawa ng Maykapal. Bilang mag-aaral nararapat lang na atin itong alagaan, ingatan at pahalagahan sa tahanan, sa paaralan at sa pamayanan.

Pangangalaga sa kapaligiran /mga halaman o punongkahoy.
Sa modyul na ito ikaw ay inaasahan na ___________.Isulat sa sagutang papel.

1. Natutukoy ang kahalagahan sa pangangalaga ng mga halaman o punongkahoy.
2. Napapahalagahan at naaalagaan ang mga biyayang bigay sa atin ng maykapal?
3. Natutukoy ang mga paraan ng pangangalaga ng mga halamanan punongkahoy.

**Kasanayan sa Pampagkatuto**

(EsP4PD-IVe-g-12)



# Subukin

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

_____ 1. Alin sa mga sumusunod ang paraan ng pangangalaga ng halaman o Tanim?

A. Paarawan at diligan araw-araw.

B. Ilagay ito kahit saan

C. Ipagwalang bahala mamatay man.

D. Hayaang malanta.

_____2. Ano ang maaring gawin mo sa mga tanim na gulay para magkaroon ng bunga?

A. Walisan araw araw

B. Alagaan at lagyan ng pampataba

C. Gawing palamuti sa kusina

D. sunugin

_____ 3. Ano ang gagawin mo kung namumulaklak ang iyong tanim?

A. Hayaan, sapagkat mataba na ito.

B. Kunin at ipamigay sa iba.

C. Aalagaang mabuti para mas dumami pa ang bulaklak. .

D. Pitasin kahit hindi kinakailangan.

_____ 4. Ano ang iyong gagawin sa mga halaman na nakakalat lang sa Bakuran?

A. Itapon sa basurahan

B. Susunugin

C. Ipamigay sa kapitbahay

D. Isaayos at ilagay sa tamang lugar

_____5. Sino sa mga sumusunod ang may pagpapahalaga sa mga halaman?

A. Sina Ana at Cora na sinisipa ang nadadaanang halaman.

B. Sina Ariel at Roman na nilalaro ang pananim ng kanilang mga Magulang,

C. Sina Lyka at Leo na tumutulong sa pagbubungkal ng lupang Tataniman.

D. Si Ella at Celia na namimitas ng halaman para gawing pamagpag.

# Modyul 5

# Halamanan,Presensya ng Pagmamahal



## Balikan

**Gawain 1**: **Saan Ako Kabilang**

**Panuto:** Iguhit sa patlang ang hugis puso kung ang sumusunod ay isang halaman, hugis bitu naman kung ito'y isang kagamitan sa paghahalaman at bilog kung ito'y isang taniman.

_____1. Petsay
_____2. Bakuran
_____3. Asarol
_____4. Kalaykay
_____5. Ampalaya



## Tuklasin

**Panuto:** Basahin ang kwento at sagutin ang mga katanungan makikita pagkatapos ng kwento.Isulat ang inyong sa sagutang papel.

**Tayo na sa Halamanan!**

Nag-uusap ang magkaibigang Teejay at Maan.Tayo na sa halamanan. Tingnan natin ang mga tanim," wika ni Teejay. Dadalhin ko ang pandilig," wika naman ni Maan." Huwag mo nang dalhin iyan dahil umulan naman kagabi " sabi ni Teejay. Sige magdadala na lang ako ng kalaykay" Dadalhin ko naman ang asarol.Nang nasa halamanan na sina Teejay at Maan,ganito

ang kanilang usapan.Tingnan mo ang mga halaman, Marami na silang bulaklak ngayon.” Kay ganda nga nilang pag-masdan.Bakit kaya may bulaklak na ang mga halaman? Tanong ni Maan.”Dinilig kasi ng ulan ang mga halaman.Gustong mga halaman ang ulan pati na rin ang araw. Tiningnan naman nina Teejay at Maan ang mga tanim nilang gulay .Malalaki na rin ang ating mga tanim na gulay.Mamumunga na ang mga ito,” wika ni Teejay.Nakita ni Maan ang mga damong nakapaligid sa mga gulay.”Ating linisin ang halamanan.Maraming damo sa mga gulay.May uod pa ang mga petsay.Marami rin ang nakakalat na bato”. Wika ni Maan.

Kinuha nilang dalawa ang asarol at kalaykay.Inalis nila ang mga damo at bato.Inalisan din nila ng uod ang mga gulay.Masama sa tanim ang mga ito.Kanilang binungkal ang lupa ng mga tanim upang lalong tumaba ito.

Malinis na ang halamanan.Wala na ang kanilang mga kaaway,” wika ni Maan.Pagkatapos ay umalis na ang magkaibigang Teejay at Maan. Ano kaya ang pakiramdam ng dalawa sa pag-aalaga ng mga halaman?

**Sagutin ang mga tanong:**

1. Ano ang ginawa ng magkaibigang Teejay at Maan sa halamanan?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

2. Ano-ano ang pangangailangan ng mga halaman ayon sa magkaibigan?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

3.Paano nila ipinakita ang pangangalaga sa mga halaman?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

4.Bilang batang mag-aaral sa anong paraan mo inaalagaan ang mga Bakuran.

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________



## Suriin



Tandaan

Sa kasalukuyang panahon,ang pagkakaroon ng luntiang kapaligiran ay tila imahinasyon na lamang.Naniniwala kaba sa pahayag na ito?


Ang pagsasaluntian ng kapaligiran ay pagtatanim ng mga halaman o punongkahoy upang madagdagan o mapalitan ang mga nabuwal na mga puno't halaman.Naipapakita ang pagmamahal sa Poong Maykapal kung pinahahalagahan at inaalagaan ang mga halaman.



# Pagyamanin

**Activity 3. Ano ang nararapat gawin**

**Panuto:** Isulat sa loob ng kahon ang maari mong gawin upang makatulong ka sa pagpapalago at pagbibigay ng pagpapahalaga sa mga halaman.






## Isaisip

**Activity 4. Sino ang tama**

**Panuto:** Isulat ang **Tama** kung ang pahayag ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa halaman o punongkahoy, **Mali** naman kung hindi.Isulat sa inyong sagutang papel.

__________1. Pinabayaan lang ni Cristy ang kanyang hardin.

__________2. Ginupit ng nanay ang malaking dahon ng halaman.

__________3. Inayos ng mga batang Scouts ang kanilang mga pananim na gulay.

__________4. Dinidilig ng Ate ang mga bulaklak araw araw.

__________5. Hinahampas ang pananim kung may makikitang uod sa halaman.



# Isagawa

**Activity 5. Sino ang may pagpapahalaga**

**Panuto:** Suriin ang mga halaman sa bakuran. Paano mo ito pinahahalagahan? Lagyan ng √ ang kolum na iyong ginagawa.

| Gawain | Madalas | Paminsan-Minsan | Hindi kailanman | Dahilan |
|---|---|---|---|---|
| 1.Nakikiisa ako sa pagsasagawa ng mga planong may layuning mapahalagahan ang mga halaman | | | | |
| 2.Tumutulong ako sa pagta-tanim ng hala-man sa aming paaralan at komunidad. | | | | |
| 3.Nakikilahok ako sa programang ”Clean and Green” | | | | |
| 4.Pinipitas ko ang anumang bulaklak na aking nakikita. | | | | |
| 5.Hinihikayat ko | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ang aking mga kapwa Scouts upang aktibong makilahok sa programa ng pagsasaluntian sa aming komunidad. | | | | |



## Tayahin

**Panuto:** Piliin ang titik ng may tamang sagot sa bawat bilang. Isulat ito sa patlang bago ang bilang.

_____1. Alin sa mga sumusunod ang tama?

A. Ang pagputol sa mga malalaking puno ay nagpapakita ng proteksyon sa kapaligiran.

B. Ang pag-iisprey ng insecticide sa mga gulayan ay tanda ng pagpapanatili ng balanseng kapaligiran.

C. Ang pagsunog ng mga tuyong dahon ng mga halaman ay tamang paraan upang tugunan ang problema sa basura.

D. Ang pangangalaga at paghanga sa mga bulaklak at iba pang halaman ay isang paraan ng pagpapakita ng pagmamahal sa ating Diyos.

_____2. Ang Clean and Green ay isang paraan ng pagsasaluntian ng kapaligiran at pagpapanatiling maayos at malinis nito.Ano ang dapat mong gawin sa nasabing programa?

A. Huwag pansinin.

B. Ipagwalang bahala.

C. Makisali at suportahan ito.

D. Ipakita ang pakikilahok paminsan-minsan.

_____3. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pangangalaga at pagmamalasakit Sa ating kalikasan?

A. Tumutulong ako sa paglilinis sa aming kapaligiran.

B. Itinatapon ko an gaming basura sa tabing- ilog kung gabi.

C. Tinatapakan ko ang bagong tanim na halaman sa aming bakuran.

D. Hinahayaan ko ang aking kaklase na magkalat ng dumi sa aming silid Aralan.

_____4. . Kumakain ka ng kasoy.Nang maubos ito,napagpasiyahan mong huwag itapon ang buto nito.

Sa anong paraan nakatulong ang batang katulad mo sa pagsasagawa ng Ugaling ipinakita?

A. Pagpaparami ng kalat na buto.

B. Hindi pangangalaga sa mga halaman.

C. Pagpapakita ng kalinisan sa kapaligiran.

D. Pagpapahalaga sa pagpapatubo at pagpaparami ng halaman.

_____5.Alin sa sumusunod ang makapagpapasaya sa atin,Dahil tama ang Pangangalaga na ating ginawa sa halaman?

A .Mga malulusog at namumungang gulayan sa aming bakuran.

B. Mga natutuyo at namamatay na mga halaman.

C. Mga punong hindi na mapakinabangan.

D.Mga halaman na inubos ng mga insekto at uod.



## Karagdagang Gawain

**Activity** 6: **Sino ang Masaya?**

**Panuto:** Iguhit ang masayang mukha ☺ kung ang isinasaad ng pangungusap ay nagpapakita ng pagpapahalaga at pangangalaga sa ating halaman sa kapaligiran,malungkot na mukha ☹ naman

kung hindi ito nagpapakita. Iguhit ito sa patlang bago ang

bilang.Isulat sa inyong sag

______1.Paglahok sa proyektong “Plant a Tree Day” sa komunidad.

_____2. Pagtatanim ng mga gulay sa likod-bahay.

_____3. Paglalagay ng kawayang bakod sa mga bagong tanim na puno at halaman.

_____4. Pagdidilig ng mga bagong tanim na halaman.

_____5. Pagsasawalang-bahala sa mga hayop na kumakain ng bagong tanim na halaman.

## Sanggunian


Felamer E. Abac, et al., Edukasyon sa Pagpapakatao kagamitan ng Mag-aaral Unang Edisyon 2015, 308-318. Patnubay ng Guro 2015, 192-205.



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Jocelyn D. Carton
Don Andres Elementary School
Ipil District

Editor: Mark Lester L. Abellana

Tagasuri: Feby Ivan Segualan, Rynard M. Mangubat
Mona Lisa M. Babiera, Ed.D- *EPS*

Tagalapat: Xilca H. Celicious

Tagapamahala:
Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A. Santisas
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*